Mga kuwentong pambata mula sa Perez, Quezon

Ang Nagtatampong Dagat

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

PAMBUNGAD NA MENSAHE

Ang aklat na ito ay bunga ng programa ng Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA) na inilunsad sa Perez, Quezon. Nakabatay ang akdang ito sa mga pili at pinaghabi-habing kuwentong kinatha ng mga batang benepisyado ng programa. Layunin nitong itampok at itaguyod ang kamalayan ng kabataan sa Perez hinggil sa usapin ng **mga karapatang pambata.**

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain sa tutorial sessions—gaya ng pagguhit, pagsulat, at pagbabahagi ng kanilang kuwento sa mga kapuwa mag-aaral—naging tulay ang proyektong ito upang himukin ang mga bata na maging aktibo sa pagpapahayag ng kanilang mga naiisip, nararamdaman, natututuhan, at nararanasan sa loob at labas ng bahay, paaralan, at maging sa kanilang mga komunidad, kaugnay ng batayang karapatang pambata. Sa proseso ay nakalikha sila ng kani-kanilang akda batay sa makukulay nilang obserbasyon, mula na rin sa sari-saring suliranin at personal na karanasang naglalarawan sa kanilang pagkabata.

Tunghayan natin ang ilan sa mga piling kuwento ng mahuhusay na bata mula sa Perez.

Ang Nagtatampong Dagat

Karapatang-ari © 2020 ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring kopyahin o gamitin ang anumang bahagi ng akdang ito, guhit man o teksto, sa anumang paraan, kahit na mimeograph o photocopy, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala.

Inilathala at ipinamamahagi ng
ASPIRING CITIZENS FOR COMMUNITY EMPOWERMENT, INC. (ACCEI)
4/F Tempus Place II, Makatarungan Road,
Central 4, Quezon City
1100 Philippines
Telepono: (+632) 3434-79-03
accessphils@yahoo.com

Pagsasalaysay at pagpapatnugot ni Sharmaine Hernandez
Ilustrasyon at layout ni Aaron Moises Bonete

ISBN 978-621-96314-0-2

Inilimbag sa Filipinas

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa RENGO

Noong unang panahon, kakaunti pa ang mga namamangka sa dagat. Maliliit na bangka ng mga mangingisda ang bumibisita rito araw-araw. Nanghuhuli lamang sila nang sapat sa makakain ng kanilang pamilya. Malalaki ang butas ng kanilang mga lambat, kung kaya nakalulusot at nakatatakas pa ang maliliit na isda. Maamo at masaya ang dagat dahil iginagalang ito ng mga mangingisda.

Sa paglipas ng panahon ay lumaki rin ang bilang ng mga tao. Ang dating sampung pamilyang nakatira sa tabing-dagat ay nasundan ng lima, ng sampu, at ng sandaan pa.

Kasabay ng pagdami ng tao, ang pagdami rin ng mga bagay na iniipon nila sa loob ng kanilang bahay—iba't ibang pares ng tsinelas na gawa sa goma, mga bote at pakete ng shampoo, pati na makukulay na laruang plastik. Sa dami ng kanilang gamit, hindi na nila malaman kung saan nila ilalagay ang iba rito.

Baka puwedeng isiksik ang mga tsinelas sa ilalim ng tulugan ni Bantay?

Baka puwedeng itago ang mga laruan sa kusina ni Nanay?

Baka puwedeng itapon ang mga gamit nang bote at pakete ng shampoo sa labas ng mga bintana ng bahay?

Kumalat nang kumalat ang kanilang mga gamit hanggang sa sakupin na rin nito ang mga baybay. Tuwing humahampas ang mga alon, sumasama na rin dito ang mga plastik na namamahinga sa may buhangin. Kapag pumapalaot ang mga mangingisda ngayon, nakukulayan na ang kanilang mga lambat ng sari-saring balutan at paketeng nakikihalo sa kanilang huli.

Nabagabag ang mga mangingisda. Ang kanilang lambat na dating sagana sa mga isda at lamang-dagat, ngayon ay umiimpis na. Halos wala na tuloy silang maibenta. Paano pa sila makapag-uuwi ng sapat na halaga para masuportahan ang kanilang pamilya?

Nangamba rin ang mga nanay. Ang kanilang mga anak na dating mabibilog dahil sa masasarap na kibit at isda, ngayon ay nangangayayat na rin. Kailangan ng kanilang mga anak ang masususTansiyang pagkain para lumaking malusog at masayahin.

Nagtaka naman ang mga bata. Saan nga ba nagmula ang makukulay na plastik sa dagat? Bakit ngayon, mga tsinelas na walang kapares o mga pakete ng sabon na ang inaanod sa dalampasigan tuwing umaga, sa halip na maliliit na talangka?

Galit na ba ang dagat kaya binawi at pinauwi na nito sa malayong lugar ang mga alimango at sahang?

Sa takot na tuluyang magtampo ang dagat, nagkita-kita at nag-usap-usap ang mga bata. “Hindi tama ito,” ang sabi ng isa habang nakatanaw sa baybay ng basura. “Kailangang may gawin tayo,” dagdag naman ng isa pa habang nag-iisip nang malalim. Nabagabag ang lahat, dahil alam nilang karapatan ng bawat bata ang mamuhay sa malinis na kapaligiran.

Nagmalasakit ang mga bata na simulan ang paglilinis. Hinikayat nila ang kanilang mga kaibigan upang tumulong sa pagpupulot ng mga kalat sa dalampasigan. Hiniling nila ang tulong ng mga mangingisda upang maabot pati na ang laot.

Hiningi rin nila ang tulong ng mga kapitan ng barangay upang mahimok ang mas maraming tao na makibahagi sa wastong pagtatapon at pagre-*recycle* ng makukulay nilang kalat. Nakikinig at nakikipagtulungan ang buong komunidad para sa mas malusog na kinabukasan ng mga bata.

Umaasa ang lahat na hindi magtatagal ay muli ring lilinis ang dagat. Mawawala na ang masangsang na amoy ng basurang nakatambak sa baybay. Mapapalitan naman ng mga kagamitang gawa sa kahoy, bao ng niyog, at bubog ang mga plastik na dating naiipon sa bawat tahanan.

Muling ngingiti ang dagat at magbabalik ang kasaganahan sa lambat ng mga mangingisda.

Pag-usapan natin!

1. Ano ang pangunahing suliranin sa kuwento?

2. Paano ninyo ito ihahalintulad sa kasalukuyang sitwasyon sa inyong lugar?

3. Bakit mahalaga ang naging reaksiyon ng mga bata sa kanilang sitwasyon? Ano kaya ang posibleng nangyari kung hindi sila kumilos?

4. Kung isa ka sa mga batang bida sa kuwento, ano pa kayang aksiyon o solusyon ang maimumungkahi mo?

5. Ano-anong karapatang pambata ang makikita sa kuwento? At alin sa mga karapatang ito ang nakikita o nagagamit mo na rin sa totoong buhay?

CHILD'S RIGHTS

Tampok sa kuwentong ito ang karapatan ng mga bata sa mabuting buhay at kalusugan. Ayon sa Artikulo 6 at 24 ng United Nations Convention on the Rights of the Child, ang bawat bata ay may karapatang mabuhay nang masaya at malusog tungo sa kaniyang kalinangan bilang indibiduwal. Kakawing ng karapatang ito ang pangangailangan para sa malinis na kapaligiran at tubig, pati na masusustansiyang pagkain. Inaasahan din ang sapat na suporta ng gobyerno sa pagkamit at pagpapanatili ng mga ito.

Pasasalamat

Nagpapasalamat ang pamunuan ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI) at mga kawani sa Perez para sa aktibong pakikiisa at pakikisama ng mga benepisyadong magulang, bata, at mga miyembro ng KAMALAYAN sa mga aktibidad na inilunsad ng programang Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA);

Gayundin sa mga namumuno sa munisipyo ng Perez, sa mga pinuno at opisyal ng mga barangay, sa mga guro at prinsipal ng mga Paaralang Elementarya ng Perez-West at Perez-Central para sa kanilang tulong at tiwala sa mga layunin ng programa;

Kasama na rito ang ACCESS-Japan na patuloy na umaalalay sa pagsusulong ng mga kapakanan at **karapatang pambata**; at

Higit sa lahat, sa organisasyon ng RENGO na nagtiwala sa ACCEI at sumuporta sa mga adhikain ng programa, sa pamamagitan ng paglilimbag at paglulunsad ng tatlong aklat na inakda ng mga batang CEDA.

Mabuhay po kayong lahat!

Patnugot
Sharmaine Hernandez

Isang guro at mag-aaral ng panitikang Filipino si Sha Hernandez. Kasalukuyan siyang nagtatapos ng masterado sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan din siya nagtuturo. Nagsilbi siya bilang Senior Editor sa Anvil Publishing, at ngayon bilang Project Coordinator ng *Láwas* sa Adarna House. Noong bata pa lamang siya, pinangarap niya ang magbasa nang magbasa ng mga paborito niyang libro hanggang sa kaniyang pagtanda.

Ilustrasyon at layout
Aaron Moises Bonete

Si Aaron Bonete ay isang LGBTQ rights advocate at artistang bakla. Kasalukuyan siyang nakabase sa Lucena City. Nahasa niya ang kaniyang kakayahan at talento sa sining-biswal sa pag-aaral ng Fine Arts sa Manuel S. Enverga University, at higit sa limang taong pagtatrabaho sa iba't ibang organisasyon, publikasyon, at ahensiya bilang graphic designer at illustrator.

Bakit kaya nagtatampo ang dagat sa mga taong naninirahan malapit dito? Hindi na ba ito natutuwa sa araw-araw na pagbisita ng mga mangingisda? Nagagalit na ba ang dagat kung kaya pinauwi na nito sa malayong lugar ang mga isda at alimango?

Halika't tuklasin natin kung paano nga ba napuno ng sari-saring kulay ang mga baybay, sa kuwento ng mga bata mula sa Perez, Quezon.

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa **RENGO**